



Buod na Edisyon (Wikang Tagalog)

Planong Multikultural na Pakikipamuhay sa Lungsod ng Anjo

Ang imaheng multikultural na pakikipamuhay sa hinaharap na layunin ng Anjo

Anjo, kung saan namumukadkad ang multikulturalismo

~ Tatanggapin ang pinagmulan ng bawat isa at magbubuklod para sa maliwanag na bukas ~



Takdang Plano Abril ng 2014~Marso ng 2018

Ang Planong Multikultural na Pakikipamuhay ay pina-unlad upangmaisakatuparan ang pagkakaroon ng pook na kung saan ay panatag ang pamumuhay, pook na makakapamuhay ang katulad ng sarili, pook na may lakas, **“pook na kahit sino ay patuloy na masayang mamumuhay”**

habang hindi alintana ang wika at kultura, pamumuhay at pati na rin ang nasyonalidad.



Anjo's character
[Salvie]

Ang “Multikultural na Pakikipamuhay” sa Anjo ay:

Habang hindi alintana ang wika at kultura, pamumuhay at nasyonalidad,

- ◆ Makikinabang sa pagbibigay ng halaga ang sarili- at pag-unawa sa pinagmulan ng bawat isa.
 - ◆ Upang sama-samang makapamuhay, bawat isa’y isaisip at poprotektahan ang patakaran ng komunidad.
- Magkakaroon ng multikultural na pakikipamuhay kapag naisakatuparan ang 2 ito.

Ano ang Multikultural na Pakikipamuhay?



Bilang ng Dayuhan sa Anjo


May 5,390 dayuhang mula sa 48 bansa ang naninirahan sa lungsod (Hanggang katapusan ng Disyembre, 2013)

Narito ang mga nasyonalidad :

- | | | |
|---|-----------|-------------|
| 1 | Brazil | 1,809 katao |
| 2 | Pilipinas | 1,392 katao |
| 3 | Tsina | 986 katao |
| 4 | Korea | 341 katao |
| 5 | Vietnam | 213 katao |

※Nangungunang 5 nasyonalidad sa pook

Bilang ng Rehistrado at Residenteng Dayuhan sa Anjo





Kataga sa Pag-unlad ng Multikultural na Pakikipamuhay

“Makihalubilo at Makibahagi”

Hangarin ng Lungsod ng Anjo ang madaling pakikipagtalastasan sa pagitan ng mga residenteng dayuhan at mamayang hapon.

“Makipanayam at Sumuporta”

Hangarin ng Lungsod ng Anjo ang pagbibigay-impormasyon at konsultasyon ukol sa pagsasaayos ng pamumuhay sa mga dayuhang residente.

“Unawain at Tanggapin”

Hangarin ng Lungsod ng Anjo na sama-samang unawain at tanggapin ang kultura at kaugalian ng bawat isa.

“Sumali at Gumanap”

Hangarin ng Lungsod ng Anjo ang sama-samang pag-unlad ng lahat habang ginagampanan ang kani-kaniyang tungkulin.



Anjo's character [Salvie]



Pangunahing Aktor sa Multikultural na Pakikipamuhay

Sa maraming aspeto ng multikultural na pamumuhay, kinakailangan ang kooperasyon at pagtutulongan ng mga nakikibahagi.



Hakbang Upang Maisakatuparan ang Multikultural na Pakikipamuhay

1. Seguridad sa Wika at Impormasyon

Pagbibigay-impormasyon

Iba't-ibang wika at mga epektibong paraan upang maibahagi ang impormasyon, paggamit ng simpleng wikang Hapon, atbp.

Pag-aaral ng Wikang Hapon

Paglago ng kaalaman sa wikang Hapon, oportunidad sa pag-aaral, paggawa ng oportunidad upang magkaroon ng karanasan sa wikang Hapon, atbp.

2. Seguridad sa Pamumuhay

Pamumuhay Pagbuo ng sistema ng konsultasyon at pasilidad na madaling magagamit ng mga dayuhang residente, atbp.

Paninirahan Pagkakataong unawain ang patakaran sa pamumuhay, pagbibigay-impormasyon ukol sa paninirahan, atbp.

Trabaho Pagbuo ng multikultural na lugar na pagtatrabahuan, pagbibigay-impormasyon ukol sa trabaho, atbp.

Pagpapagamot, Kalusugan, at Kapakanan Sistema ukol sa pagpapagamot, kalusugan at kapakanan, madaling mapakikinabangang serbisyo, atbp.

Seguridad at Kaligtasan Paglago ng kaalaman ukol sa pag-iwas sa sakuna, paglikas, pagbuo ng sistemang pangsuporta, atbp.

3. Seguridad sa Pagpapalaki at Pagpapaaral ng Anak

Pagpapalaki ng Anak Pagbibigay-impormasyon ukol sa pagpapalaki ng anak, tulong sa pag-aaral, atbp.

Pagpapaaral ng anak Pagbibigay-impormasyon ukol sa edukasyon at pag-unlad ng anak, sistema ng konsultasyon, tulong sa pag-aaral, atbp.

4. Multikulturalismo sa Komunidad

Pagbuo ng Kamalayan Paggawa ng oportunidad sa pakikipagtalastasan, multikulturalismo, sama-samang pagtutulongan, atbp.

Pakikibahagi ng mga Dayuhang Residente Dayuhang mamamayan bilang kinatawang aktibong makikibahagi sa komunidad.



Mga Pangunahing Programa

Pangunahing Programa 1 Pagbuo ng kaswal na Ugnayan



- 1 ★ Pagbuo ng pagkakataong makipagtalastasan ang mga dayuhang residente at mamamayang Hapon sa bawat isa.
- 2 ★ Pagpapalaganap at paggamit ng *Yasashii Nihongo* (Simpleng wikang Hapon).
- 3 ★ Pagtaguyod ng multikulturalismo.
- 4 ★ Pagtulong upang madaling makibahagi ang mga dayuhan sa lipunan.
- 5 ★ Suporta sa pagbibigay-impormasyon sa mga dayuhang residente, atbp.



Larawan ng Multikultural na Ugnayan~Kainan



Larawan ng Multikultural na Ugnayan~Bersyong Brasiliano



Pangunahing Programa 2 Pagbuo ng Hakbang sa Panahon ng Sakuna



- 1 ★ Pagbibigay-kaalaman ukol sa sakuna
- 2 ★ Oportunidad sa madaling pagsali sa mga disaster drills o mga pagsasanay sa panahon ng sakuna, atbp.
- 3 ★ Ang madaling pagdaloy ng impormasyon sa mga dayuhang residente sa panahon mismo ng sakuna



Disaster Drill sa Kumpanya
Fire drill kasali ng dayuhang residente
(Hisada Co., Ltd.)



Disaster Drill sa Komunidad1-1
Mga tagasalin para sa dayuhan
(Dokita Neighborhood Association)



Disaster Drill 1-2
Sulat sa Hiragana at Alpabeto ang gabay ng asosasyon
(Minami-Meiji Neighborhood Association)




Pangunahing Programa 3 Madaling Pakikinabang sa Serbisyo ng City Hall at Silid-Aklatan



- 1 Pagsisikap ng kahit sinong opisyal ng lungsod na makipanayam sa mga dayuhang residente.
- 2 Paggawa ng pampublikong dokumentong gamit ang simpleng wikang Hapon.
- 3 Pagkakaroon ng information desk para sa mga dayuhang residente.
- 4 Pagkakaroon ng mga paunawang madaling maintindihan.
- 5 Pagbuo ng sistemang konsultasyon para sa mga dayuhan.
- 6 Pagtatalaga ng mga babasahin, peryodiko at magasin sa wikang banyaga sa Tosho Joho Kan (Pansamantalang Pangalan).

Sobrang mula sa City Hall

Upang madaling maintindihan ay isasalin sa simpleng wika



Mga nakapaskil sa mga tanggapan

Sa iba't ibang wika na makikita sa malalaking titik at kulay



Iba Pang Pagsuporta sa Multikulturalismo



Pag-aaral ng wikang Hapon

(Sa pakikipagtulungan ng mga estudyante ng Unibersidad ng Edukasyon ng Aichi.)



Disaster Drill sa Munisipyo

Dayuhan gumaganap bilang biktima ng sakuna



Pista sa Lungsod

Pagsali ng mga dayuhang resident sa pista (Dokita Neighborhood Association)



Hapon para sa mga Bata

(Pagboboluntaryo ng mga mamamayan)



Planong Multikultural na Pamumuhay sa Lungsod ng Ando Buod na Edisyon

Inilathala : Marso ng 2014

Tagalathala : Lungson ng Anjo, Dibisyon ng Pakikipagtulungan ng mga Mamamayan 〒446-8501 18-23 Sakura-machi, Anjo-shi, Prepektura ng Aichi

Telepono : 0566-71-2218 (Direktang Linya)

Fax : 0566-76-1112

E-mail : kyodo@city.anjo.lg.jp

*Ang patakaran sa pagsasalin na ito ay ipinapatupad para sa mga dayuhang residente. Ibabatay ang patakaran sa pagsasalin sa pagsasalin sa bersiyong Hapon sakaling magkaroon ng kontradiksiyon sa pagsasalin ng iba't ibang wika.

